# Marrying a Stranger



VANESSA

# CHAPTER ONE

"So ano `tong mga message na `to?! Sino ang babaeng `to, Joshua?!"

Gigil na gigil si Caron. Parang gusto niyang dagitin ang mga kuwelyo ng boyfriend at isalya ito sa pader. Sa liit nito at laki niya, kayang-kaya niya ito.

Kumamot ito sa ulo. "Wala `yan, pangga—"

"`Wag mo `kong mapangga-pangga! Ipaliwanag mo!" singhal niya, saka biglang napaluha. Mas lamang ang galit niya at frustration kaysa broken heart. Aminado naman siyang hindi siya in love kay Joshua.

Sinagot niya ito noon dahil naniniwala siyang hindi lang love ang dahilan para pumasok sa isang relasyon.

Puwede ring… money.

Money, pera, datung, anda, salapi.

Wala siya noon, at meron si Joshua. Eh, ano naman kung hindi siya in love dito? Mapapakain ba siya ng love? Hindi ba at gumapang sa dusa ang nanay at lola niya dahil nagmahal nang hindi ginamit ang isip? At hindi lang ang dalawa ang buhay na halimbawa ng mga babaeng puso ang pinagana at hindi utak.

At kapag nabobo na ang isang babae sa pag-ibig, wala na, lahat na ng bagay kayang tanggapin at i-justify. At hinding-hindi niya iyon gagawin, sumpa niya sa sarili. Hinding-hindi siya magpapakatanga sa pag-ibig.

Pero hindi na nga siya nagpakatanga sa pag-ibig, naloko pa rin siya!

Ang mas nakakapanghina pa, parang walang pakialam si Joshua dahil pa-easy-easy lang si Kamote. Ang laki na ng puhunan

niyang effort dito. Sa katunayan, baka nga malapit na niyang isuko ang Bataan! Gagamitin sana niya iyong kasangkapan para lalo itong mabaliw sa kanya, pero mukhang imagination lang niyang nababaliw ito sa kanya. Dahil bakit kakamot-kamot lang ito ng ulo, effortless magpaliwanag?

"Ano, magpaliwanag ka!" ulit niya.

Itinaas nito ang balikat, isang gawi na nakasanayan nitong gawin dahil isa itong "gangsta" na pilit. Tiniis niya iyon kahit mukha itong tanga kadalasan sa pormang hoodie, cap, at pagkamahal-mahal na sneakers sa gitna ng tag-init. Pucha, treinta y dos na ito, hip-hopper pa rin at hindi maitaas ang lawlaw na pantalon. Iyon daw ang gusto nitong porma, kahit mukha itong bugoy.

"Ano kasi, Caron…" sambit nitong kakamot-kamot sa ulo. Mukhang pugad ng ibon ang ibabaw ng buhok nito, kulot, pero ahit ang magkabilang gilid. May design pang kidlat ang anit nito. Kahit sa kilay, may isang guhit itong ahit. May magkabilang hikaw ito

at palaging suot ang malaking gintong kuwintas na may higanteng statement pendant. Kung ano-ano ang nakasulat, depende sa mood nito, pero lahat trying hard—*gangsta, rapper, beats,* at iba pa. Five-six ito, payat, maputla dahil sa gabi lang lumalabas. Sa umaga ay tumutulong-tulong ito sa malaking poultry ng pamilya. At hindi totoong pisikal na tulong, kundi nagmamando lang sa mga tauhan. Kung hindi nagmamando, nasa loob ito ng music studio, nagre-record ng mga rap. Ang studio ay nasa loob ng mansiyon ng mga ito na naroon din sa lupain kung saan naroon ang poultry at piggery. Napakalawak ng lupain, nasa gitna ng tatlong bayan.

Mayaman sa dilang mayaman si Joshua. Bunso at spoiled, ang mga magulang ay kilalang mayaman sa kanilang bayan. Ang kuya ni Joshua ang vice mayor, ang ama ay dating mayor kung hindi lang inatake. Sa susunod daw, si Joshua ang tatakbong bise, ang kuya nito ang tatakbong mayor.

Pero sino ang boboto sa tukneneng na `to, sa totoo lang.

"Ano?" giit niya.

"Kuwan, may hinahanap kasi akong hindi ko makita sa `yo, Caron. Naghahanap ako ng… iyon bang… uhm… `yong maamo ang bukas ng mukha, `yong maganda, `yong tisay ba."

Napanganga siya rito. Sa madaling sabi, hipon ang tingin nito sa kanya—maganda lang ang katawan pero tapon ang ulo.

"Hindi naman sa hindi ako nagagandahan sa `yo," agad nitong sabi. "Kuwan lang, naghahanap ako ng puwedeng maging future first lady ng bayan. Pero na-consider naman talaga kita, pero may something akong hinahanap bukod sa katawan."

Wow. Parang dapat niyang ipagpasalamat na at least, naikonsidera nitong sexy siya kahit medyo may katabaan. Siya kasi iyong tinatawag na curvy. Maaaring hindi kasinglaki ng ibang babae, pero mabilog siya, malaki ang hinaharap, matambok ang pang-upo,

malapad ang balakang, maliit ang baywang.

Pero hindi kagandahan ang mukha.

Pinigil niya ang pagsiklab ng galit pero parang nakasalang na pressure cooker, mayroong singaw ng tinitimping puwersa ang pipisit-pisit.

"So ang sinasabi mo, wala tayong future?" aniya kahit sure na. Gusto lang niya ng final confirmation dahil—*bad trip!*—ang laki na talaga ng puhunan niya. Noong nakaraan lang, pinagbigyan na niya itong kumurot ng tikim, na para ba siyang isang putahe, matatakam muna ito nang husto bago pagbibigyang tikman. Sinadya niya iyon, para masiguro ring pasok na ito sa banga at tutuloy na sila sa dambana.

Imagination lang pala niya ang kabaliwan nito sa kanya.

Mukhang napikon na rin ang lalaki. Napamura ito. "Ang tagal mo naman kasing bumigay! Ano tayo, bata? `Langya, anim na buwan na, hanggang *momol* pa lang? Alam mo ba kung gaano kadami ang nag-aalok sa

akin ng good time?"

Napatulala siya rito, pero hindi na rin nabigla. Alam niya naman na madaming nag-uunahang mag-offer ng aliw dito, siyempre, mayaman at may sinabi ang pamilya, may impluwensiya. Kaya nga ayaw niyang tumulad sa mga iyon na bigay agad. Alam niyang sa mundo ng pangit na ito, lima piso ang mga ganoon kaya dapat siyang maiba.

Alam niya naman na may mga pangangailangan ang isang tulad nito kaya nga niya pinagbigyan ng momol. Medyo matinding momol pa nga dahil naglabas ito ng munting armas. Ano pa ba ang gusto nito?! Pinagtiyagaan nga niya itong paligayahin kahit hindi naman siya nag-init at sa pagtatapos ay nangalay lang ang tatlong daliri niya. As in tatlong daliri lang—hinlalaki sa isang side, hintuturo at hinlalato sa kabilang side—dahil kapag buong kamay niya, hindi na maitataas-baba dahil wala nang space! `Tapos ngayon, siya pa rin ang hipon? Ibang klase si Kamote.

"So `yon lang ang habol mo sa `kin?" aniya. Noon nabasag ang tinig niya at puso. Hindi dahil mahal niya ito, pero mahal niya ang pangarap niya—na umunlad sa buhay sa tulong ni Joshua. Handa siyang magtiis habang-buhay sa piling nito kung kinakailangan. Pero wala, ayaw nito sa kanya. Hindi pala siya good enough. At nagagalit man siya, isang bahagi ng isip niya ay aminado namang mahihirapan siyang makakita ng isang tulad nito ang estado sa buhay.

Hindi siya mayaman. Hindi siya gumagalaw sa mundo ng mga mayayaman. Nagkataon lang na nakilala niya si Joshua sa minsang pagtambay sa bilyaran kasama ang mga kaibigan. Nagkataong naroon din ang lalaki.

"Hindi naman sa gano'n, Caron, pero…" Kumamot na naman ito ng ulo hanggang sa parang mapikon. "Basta, siguro hindi talaga tayo, Caron! Anim na buwan `tapos palagi kang nagpapaalam kapag init na init na `ko sa

`yo? Lakas mo ring mang-trip, eh! Akala mo kung sino ka ring maganda, sablay naman ang mukha mo. Sa katawan talaga ang bawi mo pero kung tanggihan mo ako, napapangiwi ka pa minsan. Ayoko na, break na tayo."

*Break mo mukha mo! Yabang mo! Naghahanap ka ng maganda mukha, eh, konti lang ang naging lamang mo sa palaka. `Langya kang hip-hop ka. Ang kapal ng mukha mo! Ang tanda-tanda mo na, pormang rapper ka pa rin? Feeling mo mananalo ka sa eleksiyon?*

"Sorry, sorry!" Itinaas nito ang mga kamay. "Actually, may sinulat akong paliwanag. Noong nakaraan ko pa kasi naiisip. Ise-send ko na lang sa `yo. Pero ang sumatotal, break na tayo. Oo, naghahanap na `ko ng iba sa Tinder."

Wala na ngang balak mag-deny, nasa acceptance stage na ang rapper na hilaw. At kahit na gunaw ang kanyang pangarap, hindi siya para makiusap dahil batid niyang wala nang pag-asa pa. Hindi siya seseryusohin ni Joshua. Salamat at mataas ang muog ng

kanyang bantayan, hindi nagawang pasukin ng munti nitong sundalo, kung hindi, baka lalo na siyang magalit sa sarili. Hindi naman sa konserbatibo siya pero yaman din lamang na iningatan na niya ang sarili, dapat lang na magamit niya iyon sa isang mabuting purpose. Kung sa pagyaman iyon o sa isang magandang karanasan sa piling ng isang lalaking attracted siya ay mas maigi na kaysa dito sa kamoteng ito na galing na galing sa sarili kahit walang talent.

Salamat na rin na anim na buwan lang ang nawaldas sa kanya. Ayaw niyang magsayang ng panahon. Maraming ibang lalaki diyan.

Umaray ang ego niya pero hindi na nagsalita pa. Baka ipasoli pa ang regalong kuwintas, hindi puwede dahil parehong nasa sanglaan. Umalis na rin siya. Ang tukmol, hindi man lang siya hinatid pauwi o pinahatid sa driver. Samang-sama ang loob niya habang nasa loob ng tricycle.

Habang sakay niyon ay pinupunasan niya ang mga luhang sige sa pagpatak. Siguro nga

masama ang balak niya kaya hindi siya nagtagumpay. Hindi pa man, karma na agad? Siguro. Baka. Ewan.

Nang tumunog ang phone niya ay inopen niya ang message ng ex. Nagpadala ng Spotify link ang baliw. Nang i-click niya, may rap song pa ito sa kanya.

"Yo, yo, yo, check, check…" panimula nito. "Yo, this song is for my pangga. Yo…"

Napatulala si Caron sa phone, hindi makapaniwala na nagawa pa ng tukmol mag-rap ng breakup song na ang pamagat ay "Umibig Ako sa Hipon."

"Nang una kitang makita, yo, ang lakas ng dating mo. Doon sa may bilyaran, araw `yon ng Sabado. Kasama ko ang tropa, miss, tumulo ang laway ko. Umaapaw ang `yong dibdib, ang baywang mo'y sobrang maliit, at ang iyong puwit, whoa, fucking shit!"

Sa puntong iyon, gilalas na si Caron, at ang mga luha niya ay naampat na. Nakuha pang mag-explicit lyrics para siguro magtunog astig, ang nangyari ay nagtunog

dugyot lang. Bagay dito. May kaya pero walang taste. Para ding siya dahil pinatulan niya ito. At least, poorita siya. May karapatan siyang i-justify iyon.

Natagpuan na lang niya ang sariling nakadama ng alwan. Alwan na hindi na niya pagtitiyaan ang rapper na iyon. Ano ba ang naisip niya at bakit niya pinursige ang relasyon sa isang mahigit treinta anyos na paslit na iyon?

Well, actually, alam na alam niya kung bakit. Ang naiisip sana niyang buhay sakaling nagkatuluyan sila ni Joshua ay iyong isang maayos at maalwan. Tutulungan siya nito sa mga pampinansiyal niyang suliranin. Pag-aaralin din siguro siya nito bilang magiging first lady siya ng bayan nila balang-araw. Siya lang yata ang girlfriend na ang imagination ay hindi naglaro sa wedding day nila ng jowa niya, kundi sa panahong siya ang nagtatalumpati sa munisipyo on behalf of the mayor. O iyon bang siya ang magiging wind beneath the man's wings. Iyon bang mula sa

pagiging mukhang pipitsuging rapper ay pagmumukhain niyang disenteng politiko ang lalaki.

Oo at madaming tao ang mamaliitin siya bilang isang tindera sa isang puwesto sa palengke, pero kayang-kaya niyang gampanan ang papel ng first lady kung makakapag-aral siya dahil alam niyang matalino siya. Sablay man ang Ingles niya pero napag-aaralan ang bagay na iyon. Ang mahalaga sa kanyang pananaw ay alam niya ang kahinaan niya at lalong alam niya kung paano iyon pagtakpan. Kung mag-iisip-isip lang ang lalaking ito ay makikita nitong siya na ang pinakamabuting mapang-asawa nito.

Ipinasok na niya sa bag ang cellphone nang matapos pakinggan ang rap ng timang niyang ex. Pang-election jingle lang ang level ng talent, pero ang asta sa buhay eh para bagang mananalo sa Grammy's anumang sandali.

Nang makauwi ay sinalubong siya ng pamilyar na amoy ng bahay. Amoy-usok. Kahit ilang ulit na niyang sinabi sa nanay at

lola niyang gamitin ang LPG at stove, mas sanay daw ang mga ito sa kalang de kahoy.

Sinilip niya ang kanyang lola sa silid nito. Natutulog ang matanda. Palagi itong may sakit. Madalas sila sa ospital noon pa mang bata siya para dito. Ang lahat ng suweldo niya at iyong kaunting naiipon ay para dito. Ilang ulit na niya itong gustong dalhin sa mga espesyalista sa Maynila dahil parang palaging panandaliang lunas lang sa mga simptomas nito ang naibibigay ng mga doktor pero saan naman siya kukuha ng pera? Palagi siyang said na said at hindi pa man nakakabayad sa utang, mayroon na namang panibago.

Kahirapan ang pinakamalaking dahilan kaya niya pinursige si Joshua. Love is important but money is "importanter," sabi nga. Ang pag-ibig ay para lang sa mga mayayaman. Puwede rin sa mahirap—basta't mayaman ang mapang-aasawa. Kung mahirap din ay walang kinabukasan ang isang tao.

Na-in love na rin siya dati. Wala ring nangyari. Nangloko ang lalaking iyon. At

naeskadalo pa siya nang sugurin siya ng number one ng lalaki. Wala siyang kamalay-malay, kabit na pala siya. Kaya mula noon, pag-ibig? Ano \`yon? Nakakain ba \`yon? Puwede ba niyang isaing?

Pamilyar siya sa mga lalaking manloloko. Sa katunayan, mismong ama niya ay isang manloloko. May asawa na pala ay niligaw-ligawan pa ang kanyang ina. Nalaman lang ng nanay niyang may asawa na ito nang ipagbuntis siya.

Base ang lahat ng iyon sa kuwento ng kanyang ina. Noong nagtanong siya tungkol sa kanyang ama ay sinabi nito sa kanya ang katotohanan. Huwag na raw siyang umasa sa kanyang ama dahil mayroon na itong ibang pamilya, ang tunay niyong pamilya.

Pero minsan na niyang nakita ang kanyang ama noong siya ay sampung taong gulang. Isang magarang sasakyan ang minamaneho nito. Ang sabi ng kanyang ina ay driver ito ng isang mayamang pamilya. Ipinasyal sila nito sa mall at binilhan siya ng magagandang

damit at mamahaling laruan. Marahil ay sadyang pinag-ipunan nito ang mga iyon sapagkat naisip nitong iyon na ang huling pagkikita nila. Hindi na niya ito muli pang nakita. Ni hindi na niya naaalala ang hitsura nito. Wala ring larawan sa bahay nila. Sa katunayan, kung magkikita sila ng kanyang ama, hindi niya ito makikilala kung hindi sasabihin na ito nga iyon.

Ang kanyang ina noon ay sinuwerteng manalo sa Sweepstakes at nakabili ng paupahang puwesto sa bayan, na naibenta rin nito, tulad ng nabiling jeep at limang tricycle. Lahat ng iyon dahil sa pagkakasakit ng kapatid at ina. Ngayon ay nangungupahan na lang sila at hirap na hirap sa buhay.

Isinara na niya ang pinto ng silid at nagtungo sa kusina. Una niyang ininspeksiyon ang bigasan. Tatlong saing na lang ang bigas at sa susunod na linggo pa ang sahod.

"Saan ka galing, anak?"

Napatingin siya sa pinto ng kusina.

Nakatayo na roon ang kanyang ina.

"Sa Sta. Fe po," tukoy niya sa barangay kung saan naroon ang lupain nina Joshua.

"Kasama mo ang nobyo mo?"

"Wala na po kami," aniya, masama pa rin ang loob.

"O, ano'ng nangyari?"

"Iba lang po siguro ang gusto namin sa isa't isa," sabi niya dahil paano niya ikukuwento sa ina ang totoong nangyari? Paano nga ba sasabihin ng isang anak sa nanay nito na katawan lang pala ang habol ng mayamang boyfriend dito? Actually, hindi nga buong katawan, iyon lang mula dibdib pababa. Tapon ang ulo.

"Ikinalulungkot kong marinig, Caron. Pabayaan mo, makakahanap ka rin naman ng matino. Sa totoo lang, hindi rin naman ako boto sa anak na `yon ni Mayor. Dinig ko'y nagchochongke raw ang grupo noon."

Bigla, hindi malaman ni Caron kung ano ang magiging reaksiyon. Ni hindi niya alam na alam pala ng nanay niya ang term na

iyon—chongke.

"Wala na po sa akin," sabi niya na lang. "Paubos na pong bigas natin, `Nay."

"Kaya nga tumanggap ako ng labada kanina. Makakabili naman tayo ng bigas. Alam kong sa susunod na linggo pa ang sahod mo."

Nabiyak ang puso niya. Masasakitin na rin ito at ayaw na niyang tumanggap ng labada. Siguro, maglalakas-loob na talaga siyang manghiram ng malaking pera sa kaibigan niyang si Insiang. Nakapang-asawa ito ng mayamang lalaki. Kung tutuusin, barya lang ang hihiramin niya. Pero may utang pa siya rito mula nang huling isugod sa ospital ang lola niya. Beinte mil. At ni singkong duling, hindi pa siya nakakahulog. Pati kay Kano, iyong isa pa nilang kaibigan, may utang din siya. Beinte mil din. Pero kung hindi siya maglalakas-loob na manghiram ng puhunan, wala talaga siyang pag-asa sa pamamasukan sa tindahan sa palengke.

"Sabi ko naman sa inyo, `wag na kayong

*ALL RIGHTS RESERVED.*

tumanggap ng labada. Magagawan ko naman ng paraan," aniya.

"`Ku, eh, alam ko namang kakahiram mo lang kay Ali," tukoy nito sa Indiano na nagpapa-five six. "Paano ka makakatapos sa bayarin kung ang laki ng interes?"*

Kumuha ng dalawang sangkalang kahoy ang babae, ipinatong sa mesa. Kinuha nito ang apat na sayote, kamatis, sibuyas, bawang, at isang lata ng sardinas. Naggayat na sila habang nagkukuwentuhan.

"Ano'ng nangyari do'n kay *Juswa*? Bakit parang hindi ka naman malungkot sa kamatayan ng pag-ibig n'yo?"

Bigla siyang natawa. Kamatayan ng pag-ibig? Hopeless romantic ang nanay niya. Kaya naloko noong araw, eh.

"Noong unang ten minutes lang ako nalungkot, `Nay. Bigla ko ba namang narinig `yong rap niya sa akin kaya naisip kong mabuti na lang at nailigtas ko ang sarili ko. Plano ko po ngayon na manghiram ng puhunan para umangkat ng gulay."

"Sa palagay mo ba ay malaki ang kita doon, anak?" anang kanyang ina habang nagpaparikit ng apoy.

"Opo. Matagal ko na pong napag-aralan gawa mahina rin ang RTW sa palengke." Sa tindahan ng damit siya nakatoka pero sa tagal niyang tindera sa palengke, alam na niya ang negosyong papatok at siguradong malaki ang kita—pag-aangkat. Depende sa season, depende kung ano ang mura. Sa bayan nila mismo at sa mga karatig bayan, madaming angkatan ng gulay at prutas, rekta sa mga taniman. Kung walang ani, sa bagsakan sa Divisoria siya aangkat. Kung tagbagyo, karne naman, itlog, o kahit anong puwedeng ibagsak sa palengke. Hindi siya takot sa pisikal na trabaho. Siya mismo ang magmamaneho ng truck at kukunin na lang ang isa niyang pinsan para makatulong. Puwede rin silang relyebo.

Ewan, bigla siyang parang sinilihan, atat na atat magsimula dahil naolats ang inakalang perpektong plano kasama si Joshua.

Sa mga sumunod na araw, habang pumapasok sa tindahan ay naghahanap-hanap siya ng mga truck sa internet. Gusto niyang magpresinta ng maayos at matinong plano sa kabigan para hindi ito magduda sa pagpapahiram ng malaking halaga sa kanya.

Determinado siyang talaga, sa bawat araw ay lalong tumitibay ang loob. Hanggang isang araw, pag-uwi ay naabutan niya ang inang lasing sa kusina. Mag-isa itong umiinom ng gin, habang ang lola niya ay nasa tapat nito at nakikitagay din bagaman mukha namang hindi lasing.

"Ano'ng nangyayari?" gulantang niyang tanong sa mag-ina.

Biglang humagulgol ang kanyang ina. "Ang tagal-tagal ko siyang hindi nakita, eh, malalaman ko pang wala na siya…"

"Sino po?" takang tanong niya.

Isinubsob nito ang mukha sa mga kamay. "Ang tatay mo…"

Napanganga siya. Ilang saglit bago niya nagawang itanong, "Paano po n'yo nalaman?"

*Shumat* ito ng gin, nag-chaser ng pomelo juice, saka inabot ang lumang cellphone na sira na at tanging laste ang nagdidikit.

Nakita niya ang isang black and white na larawan ng isang matandang lalaki, ang caption ng Inquirer: *Don Carlos Lopez: A Life Well-Lived.*

"Don Carlos?" sambit niya. "Ito po ba?"

Ang lola niya ang sumagot. "Ay, oo, iyang tinamaan ng magaling na iyan ang ama mo."

Napanganga siya. Paano nangyaring isang don ang kanyang ama?

# CHAPTER TWO

*Ako ang nagtanim, iba ang aani.* Hindi na maalala ni Mario kung saan niya iyon unang narinig pero ngayon niya naaalala. Dahil iyon mismo ang sitwasyon niya.

Three percent, iyon lang ang makukuha niya sa kompanyang siya ang palago. Binulong na iyon sa kanya ng staff ng abogado ni Don Carlos Lopez, kahit pa nga hindi pa pormal na binabasa ang will ng matanda. Walang dahilan para magsinungaling ang staff sa nabasa nito. Dahil hindi siya ang totoong anak ng may-ari, kahit pa nang hawakan niya iyon ay wala pa

sa one-fourth na kinikita. Kung tutuusin, dapat na fifty percent ang sa kanya, lalo na at higit labinlimang taon ang nilaan niya sa kompanya.

Sina Doña Genevive at Don Carlos Lopez ay walang anak. Siya ay anak ng kasambahay ng mga ito. Pumanaw ang nanay niya at kinupkop siya ng dalawa sa edad na labindalawa. Pinag-aral siya ng mag-asawa sa magandang eskuwelahan at kalaunan ay tinuruan ng pamamahala sa kompanya. Alam niya ring gusto ni Genevive na legal na ampunin siya, pero ayaw iyon ni Carlos. Hanggang sa pumanaw na ang ginang, habang ang don ay pinahirapan ng sakit noong huling mga buwan ng buhay nito. At noon din nito sinabi sa kanya na mayroon itong anak sa ibang babae.

Para siyang nabingi nang marinig iyon. Pero ipinahiwatig ng matanda na sa kabila niyon, hindi raw siya mawawalan ng mana. Tiniyak na raw nito iyon. On his deathbed, the don asked him to personally take care of

his daughter. Siya raw mismo ang magturo kay Maria Carolina ng dapat nitong gawin sa kompanya.

Tama naman din. May mamamana siya. Three percent. Kahit siguro twenty percent ay hindi na sasama ang loob niya. Pero tatlong porsiyento para sa kanyang dedikasyon at pagpapalaki niyon sa ganoong lebel? Hindi patas.

Kung may malaking pera lang siya, malamang na bilhin na lamang niya ang share ng pamilyang iyon. Pero sa taon ng pagtatrabaho niya sa kompanya ay hindi ganoon kalaki ang suweldo niya, iyon nga lang at sagot ng kompanya ang lahat ng gastos niya, bahay, kotse, bills, lahat. Hindi siya nagreklamo noon. Bakit magrereklamo ang pamamanahan ng buong kompanya?

Kung nalaman lamang niyang magkakaganito, noon pa sana ay nag-demand na siya ng malaking suweldo, suweldong nababagay sa isang COO at CEO, at hindi suweldong ganoon lang. He could've made

millions if he worked for a different company.

Bumaba na siya sa sasakyan at nagtuloy sa funeral home. Naisip niyang siguro nga ay mayroon siyang dark side. Kamamatay pa lamang ni Don Juan Carlos ay laman na ng isip niya ang hindi napunta sa kanya. Hindi lang niya maiwasan dahil nakakabigla ang iniwan nito sa kanya, nakakainsulto.

Naitanong niya sa sarili kung binigyan kaya siya ng mas malaking hati ng don kung nalaman nitong isinakripisyo niya ang sarili niyang kaligayahan, kabilang na ang nag-iisang babaeng kanyang minahal, si Anita, para sa kompaya?

Ang pinakapanalo nang walang kahirap-hirap ay ang kabit ng don at ang anak nito. Oo at sang-ayon siyang may mapunta sa mga ito, karapatan ng mga ito iyon, pero sana ay hindi na niya sinakripisyo ang labinlimang taon.

Treinta y siete na siya. Magsisimula pa lang siya ng panibago.

"My condolences," wika sa kanya ng isang

kakilala. Kinamayan niya ito at bahagyang tinapik sa balikat. Tapos na siya sa pag-iyak.

Nananatiling malaki ang utang-na-loob niya sa mag-asawa. Hindi na marahil magbabago iyon. Pero mananatili rin ang katotohanang nadaya siya. Higit na malaki ang nawala sa kanya. Panahon, oras, matinding sakripisyo, malaking bahagi ng kanyang buhay.

Tumuloy na siya sa viewing room. Madami ring tao roon bagaman ang mga reporters ay hindi na pinapatuloy, iyon ang bilin niya. Inayos niya ang lahat ng dapat ayusin, kinausap ang dapat kausapin, hanggang sa lapitan siya ng isa niyang tauhan, sinabing may bisita raw sa ibaba, nagpakilalang Paloma Madlangsakay, kakilala raw ito ng namayapa. Alam niyang ito ang naging kabit ng don.

"Mag-isa lang ba siya?"

"Hindi. Kasama niya ang anak niya."

Tumango siya. "Patuluyin mo na."

Gusto niyang makita kung sino ang

makakakuha ng pinaghirapan niya.

KABADO si Caron. Sino ang tatanggap sa kanila sa lamay ng kanyang ama? Wala siyang ideya. Siyempre, gusto niya itong makita kahit sa huling sandali, hindi man siya nito piniling kilalanin.

Bigla ay nalaman niya mula sa ina ang totoong sitwasyon. Wala palang nanalo sa Sweepstakes. Lahat pala ng pag-aari nila noon ay mula sa kanyang ama.

Dating namamasukan sa karinderya ang kanyang ina sa tapat ng factory ng mga Lopez. Isang maulang gabi ay hinintuan ito ng kanyang ama at nagmagandang-loob na ihatid sa tinutuluyan nito. Mula roon, nagkita na ang mga ito madalas at kalaunan, nabuntis ang kanyang ina pero hindi kinilala. Sa halip ay binigyan ng pera para hindi na magulo ang pamilya nito.

At nang magkasakit ang kanyang lolo at lola, unti-unti nang naubos ang pundar mula sa perang iniwan ng kanyang ama. Nahiya na

ang nanay niyang manghingi muli dahil alam ngang may asawa ang lalaki.

Hindi raw sinabi sa kanya ng ina ang lahat dahil sa personalidad niya ay sigurado itong hahanapin niya ang ama. Ayaw na raw nitong makagulo pa sa mag-asawang muntikan na nitong winasak ang pagsasama.

Mula nang malaman niya kung sino ang kanyang ama noong isang araw ay nagsimula siyang mag-research tungkol dito. Hindi mahirap humanap ng impormasyon sa internet, naroon lang pala all this time.

Sa totoo lang, nang makita niya itong naka-barong Tagalog sa website ng kompanya ay hindi niya maiwasang mapaiyak dahil kitang-kita naman na mayaman ito pero pinabayaan na lang sila, hindi man lang naisip ni minsan na i-check sila ng nanay niya. Nagkaanak nito, sa yaman nitong iyon, deadma lang sa isang buhay na nilikha nito kahit pa sabihing hindi sinadya ang lahat. Anong klase itong ama? Respetado ng sambayanan, may mga kuha pang kasama ang

mga matataas na tao, kabilang na ang ilang pangulo ng republika, pero ang anak at babaeng inanakan, pinabayaang maging tindera sa palengke.

Alam niya, wala na ito, dapat na siyang mag-move on, pero hindi niya maiwasang sumama pa rin ang loob. Ganoon ba talaga ang mga mayayaman? Pero nagkamali ang kanyang ama para isiping mananatiling lihim silang mag-ina. Kukunin niya ang ganang kanya. Panahon na.

"Ma'am, dito po," sabi ng isang babae sa punerarya. Salamat at hindi naman pala sila ipagtatabuyan tulad ng isa sa mga scenario na ma-imagine niya at pinaghandaan.

Madaming tao sa napakalaking viewing room/chapel. Sa unahan, sa gitna, ay naroon ang kulay itim na kabaong ng pumanaw. Biglang humigpit ang kapit ng nanay niya sa kanyang braso.

"Diyos ko," basag ang tinig nitong sambit.

Naawa siya sa nanay niya, at napaluha rin dahil parang sayang. Sayang ang buhay ng

tatay niya na hindi man lang siya kinilala, na hindi man lang pinuntahan ang nanay niya kahit ilang taon na palang pumanaw ang asawa nito. Kung sana ay ginawa nito, natuklasan sana nito kung gaano kabuti ang nanay niya. Hindi naman sila mahirap mahalin, sa palagay niya. Pero mas pinili ng lalaking patuloy silang balewalain.

Isang taong pumanaw sa mundo na sinayang ang pagkakataong makilala ang anak nito. Ni hindi niya kayang ma-imagine kung paano nito nagawa iyon.

Mayamaya ay nagtungo sila sa likurang bahagi ng chapel. Inaalo niya ang inang tuluy-tuloy sa pagluha.

"Magandang gabi po."

Napaigtad siya sa pagkarinig sa malalim na tinig. Agad siyang nag-angat ng mukha at nakita ang nagsalita. Nakilala niya iyon, nasa website din ng kompanya ng mga Lopez ang lalaki bilang COO. Mahirap din itong hindi mapansin sa website dahil sobrang guwapo. Hindi niya alam kung kaanak niya pero hindi

naman Lopez ang apelyido so baka hindi.

"Ako po si Mario Rubio. Kayo po ba si Paloma Madlangsakay? And I assume you're Caron Maglangsakay."

"M-magandang gabi din. K-kami nga," tugon niya, kinabahan.

Ewan, bigla siyang na-intimidate sa lalaki. Wala namang itong sinabing hindi maganda pero merong something sa mga mata nito. Kahit sabihing hindi tama ang ngumiti sa lamay, sana man lang ay bukas ang mukha nito pero hindi. Parang mabigat ang loob nito sa kanila, hindi pa man. O baka sa imagination lang niya iyon. Hindi siya kinilala ng tatay niya kaya naiisip niyang lahat ng kakilala nito ay ganoon din ang magiging reaksiyon sa kanya.

"Mamaya po, kukunin ni Francine, ang assistant ko, ang ilang detalye sa inyo." Nagpaalam na ito at tumalikod.

Mayamaya ay may lumapit sa kanilang si Francine, isang babaeng siguro ay treinta ang edad, disente ang bihis, mukhang teacher, at

isinama sila sa isang pribadong silid. Doon ay mayroong buffet ng pagkain. Iba talaga ang mayaman, naisip niya. Gayunman, nakuntento na lang sila sa kape dahil na rin mahirap kumain sa ganoong sitwasyon.

Kinuha niyon ang contact information nila, gayundin ang ilan pang detalye. Sa mga darating daw na araw ay kokontakin sila ng representante ni Don Carlos Lopez.

# CHAPTER THREE

Pinagmasdan ni Mario ang kabahayan. Doon siya halos lumaki. Sampung taon siya nang lumipat doon. Twenty-seven years of his life were spent there. Kahit sinabi niya kay Doña Genevive na bubukod na siya nang magsimulang mamasukan sa kompanya ay ayaw nito at nagtampo. Ang sabi nito, siya raw ang anak nito at ayaw nitong lumayo siya.

May kirot siyang nadama sa puso. Pinagbigyan niya ang sariling umiyak. Noon lang siya nakaiyak mula nang pumanaw si Don Carlos. Of course, he loved him. Puwede bang hindi? Sumama lang ang loob niya

nitong huli pero mahal niya ang matandang itinuring na ikalawang ama.

Kaya lang ay masakit na maisip na hindi pa siya nito kailanman nakita bilang anak.

Kahit paano ay mayroon naman siyang naipundar, isang condo, pero pinauupahan niya iyon sa kasalukuyan dahil hindi niya inakalang aalis siya sa mansiyon na iyon kailanman. May ipon din siya, pero maliit. Hindi siya makakapagsimula ng malaking negosyo. Taon din ang bibilangin bago niya muling marating ang kinalalagyan niya ngayon. Pero ano ang magagawa niya?

Napabuntong-hininga siya. Dapat sigurong tantanan na niya ang pag-iisip pero hindi siya makatulog. Bukas na ang pormal na reading of the will. Kahit alam na niya ang pinakaimportanteng laman niyon, hindi pa rin siya mapakali. Siguro, hindi pa rin niya tanggap.

Pagsapit ng alas-sais ng umaga ay gising na siya, gaya ng nakasanayan niya mula pa noong siya ay bata. He went to his mini-gym,

worked out, read the news, had breakfast, took a shower, and left the house. Alas-nuebe impunto ay nasa conference room na siya para sa reading of the will.

Naroon na rin ang lahat, kabilang na ang mga abogado ng don, maging ang mag-inang Paloma at Caron.

Hindi niya maiwasang maisip na babagsak ang kompanya kung si Caron ang mamamahala. What the hell did she know about running a business as big as Syracuse Industries? College level ang babae, first year, sa isang associate course. Hindi niya ito minamaliit pero mahihirapan itong hawakan ang multi-million business na iiwan dito ng ama nito. Ipagkakatiwala nito iyon sa ibang tao? Who can she trust? He had no idea. Because he was no longer going to spend another minute in a company that he will never own. Pagod na siyang magpayaman ng ibang tao.

HINDI INAKALA ni Caron na ganito pala

kahaba ang reading of the will. Madaming items sa makapal na dokumento. Wala pa siyang nakukuha so far. Ang mga koleksiyon ng matanda ay iniwan nito kay Mario. Gusto na niyang mainis. May habol naman siguro siya kung sakaling nganga pala sila. Magpapa-DNA test siya, ilalaban sa korte ang lahat. Dahil siya ang nag-iisang anak ng pumanaw at natural na may karapatan siya sa lahat ng maiiwan nito, ayon na rin sa YouTube videos ng mga sikat na attorney na nagpapayo sa mga ganoong bagay. Talagang hinanap niya.

Tutok na tutok siya sa pagbabasa ng abogado hanggang sa dumating ito sa talatang, "I hereby confer custodial responsibility of my sole daughter, Carolina Madlangsakay, unto Mario Rubio, the Chief Executive Officer of Starlight Industries Incorporated, whom I regard as akin to my own offspring. In the event of matrimonial union between Mario Rubio and Carolina Madlangsakay, ownership of Starlight Industries Incorporated shall be jointly held

by them in accordance with legal mandates. However, in the event of their separation, Starlight Industries Incorporated is obligated to remunerate Mario Rubio with the sum of one million pesos for each month of his service to Starlight Industries Incorporated within the past seventeen years, or the aggregate amount of two hundred four million pesos, payable over a period of forty years. Should the latter contingency materialize, Mario Rubio shall be required to relinquish his position at Starlight Industries subsequent to providing guidance to Carolina Madlangsakay for a duration of one year subsequent to her completion of academic studies."

*Ha? Teka lang, hindi ko na-gets? Anong matrimonial at two hundred four million? Sino magbabayad noon? Anong sabi? Puwedeng pakiulit?* Pero parang gusto niyang kabahan, lalo na nang mapatingin siya kay Mario ay halatang nabigla ito. Ganoon na lang ang pagkakakunot ng noo ng lalaki, parang

itataob ang mesa anumang sandali. Wait, maganda ba para sa kanya iyon o ano?!

Pero alangan namang umeksena siya at magtanong gayong hindi pa tapos magbasa ang abogado. Naghintay na lang siya. Patuloy sa pagbabasa ang abogado tungkol sa kung anong interes at kung anu-ano pa. Hanggang sa wakas ay matapos na ito.

"Kung may tanong ka, Carolina, puwede nating pag-usapan," baling sa kanya ng matandang abogadong nakakalunod ang amoy ng pabango at sigarilyo.

Agad siyang tumango dahil sandamakmak ang tanong nila. Hiniram nito kay Mario ang silid. Bahagya lang tumango ang lalaki at lumabas na rin. Naiwan ang team ng abogado ng kanyang ama.

"P-pakipaliwanag po, Attorney," aniya sa abogado.

"Gusto ng papa mong pakasalan mo si Mario. Kung ayaw mo, kailangan mo siyang bayaran ng two hundred four million, isang milyon kada buwang nagsilbi siya sa

kompanya."

Napasinghap siya. "N-napakalaki naman po yata?"

"Maliit kung tutuusin, hija. Kung wala si Mario, hindi lalago ang Starlight nang ganito kalaki. Before him, the company only subcons. Anyway, kung pipiliin mong bayaran siya, iiwan ni Mario ang kompanya kapag na-train ka na, iyon ay pagkatapos mong mag-aral ng kolehiyo. Hindi mo pupuwedeng ibenta ang kompanya habang maganda pa ang takbo nito."

"K-kung pakakasalan ko po siya at mananatiling kasal ng limang taon?"

"Walang babayaran sa kanya ang Starlight. Siya pa ang magma-manage ng kompanya. Lalaki ang share niya sa kompanya dahil sa `yo. Sa totoo lang, hija, ang pinakamaganda mong gawin ay pakasalan siya. Pareho kayong talo kung hindi."

Nagulat siya saka napabulalas. "Paano pong talo siya sa two hundred four million?!"

"Carolina, baka nakatungkod na kayo

pareho in forty years. Kahit ilapit niya sa korte, malabo ring mapabilis agad kung kokontrahin mo. Madaming proseso. Habang ikaw naman ay mahihirapan na patakbuhin ang kompanya. Hindi sa minamaliit kita, hija, pero kailangan mong aminin na hindi lahat ng kailangan mong malaman sa pagpapatakbo ng kompanya ay makukuha mo sa loob lang ng isang taong training sa `yo ni Mario. Paano kung hindi pa niya ituro sa `yo ang lahat? Siya ang nakakaalam ng pasikot-sikot sa negosyo. Pagdating sa management, wala akong masasabi sa kanya, at wala ring nasabi kahit kailan ang papa mo sa kanya tungkol doon. Napakahusay. Wala kang makikitang tulad niya. I guarantee you. Ang tanong ngayon, hija, handa ka bang maging piloto kung hindi ka marunong magpaandar ng eroplano? But of course, the decision is yours to make. Sayang lang ang kompanya kung mapupunta sa iba. Kung ako sa `yo, pakasalan mo na si Mario. Of course, that would also depend on him. Anyway, may

tanong ka pa ba?"

Napakadami, pero umiling na lang siya. Magtatanong siya sa ibang abogado. Sa asawa ni Insiang, mahusay iyon at may kilalang mga abogado. Umalis na ang team. Naiwan na silang mag-ina sa silid.

"Anak, ano ba itong nangyayari? Eh, parang hindi tama. Kung talagang mayroong para sa atin, sabihin na lang natin doon sa Mario na bigyan ka ng kaunti at pabayaan na lang natin sila sa ganito kalaking bagay."

"`Nay naman," aniyang frustrated, gusto nang maiyak. Nai-intimidate na nga siya ay lalo pa tuloy siyang pinanghinaan ng loob. "Kung isang bilaong pancit ang sa atin, ang gusto naman ninyo, isang kutsara lang ang kunin ko. Hayaan po ninyo ako, `Nay. Didiskartehan ko po ito. Ako po na pong bahala," pakiusap niya.

"Ay, siya," anitong hindi kombinsido.

Bumalik na si Mario. Napalunok siya. Napakatangkad ng lalaki, sobrang guwapo talaga pero mukhang sobra ding suplado.

Hindi man lang ito ngumitingiti.

"Can we talk?" anito sa walang emosyong tinig.

Tumango siya at naisip na mas magandang sila na lang ang mag-usap. Mabilis ma-intimidate ang nanay niya kaya mainam nang siya na lang ang humarap kay Mario dahil sa tantiya niya sa lalaki, kung madadaan sila sa intimidation ay sadyang dadaanin nga sila roon.

Tinanong niya ito kung may lugar kung saan puwedeng maghintay ang nanay niya. Pinasamahan nito ang matanda kay Miss Francine. Nang sila na lang ang nasa silid ay agad itong nagtanong.

"How does it feel to suddenly own so much?"

Hindi niya gusto ang tono ng pananalita nito pero deadma siya at direkta itong tinanong, "Ano'ng pag-uusapan natin?"

"Lahat. Alam kong naipaliwanag na sa `yo ng abogado ang sitwasyon."

"Kukuha ako ng sarili kong abogado."

"Walang problema, gano'n din naman ang sasabihin sa `yo. Sa akin, kung may experience ka sa ganitong negosyo, walang kaso ang will. Pero kung iiwan ko sa `yo ang kompanya, hindi ko masisiguro kung mababayaran mo ako. Baka dalawa-tatlong taon pa lang, ubos na ang assets. Paano mo pa ako mababayaran?"

"Grabe ka naman!" Nag-init ang ulo niya bigla.

"It's the truth. Kung mag-aaral ka ng apat na taon, apat na taon ko pang hahawakan ang kompanya. A business degree won't teach you everything you need to know about running this business. After that, I would have to train you for a year. Do you know I've been training to handle this company since I was sixteen?"

Napalunok siya. Noon lang niya iyon nalaman. Ang alam lang niya, bukod sa graduate ito sa isang international school ay nag-Harvard Business School din ito. Tama naman talaga ito, nakakainis lang dahil

nagsasabi ng katotohanang hindi niya matanggap.

"Starlight Industries manufactures solar products, among many other emerging technologies. We supply contractors in Asia and the Pacific, some parts of Africa and Europe. We are expanding soon. Iyon ang plano namin ng papa mo. With the changes happening in the world, the business is only going to get bigger. We're also investing heavily in new ventures. We always need to be on top of the game. Sa ganitong negosyo, kailangang mabilis kang makasabay. Kailangang alam mo ang pasikot-sikot.

"I don't think it would be easy for you to do what I do for the company. At kung hindi mo magagawa nang tama ang trabaho, kung ipagkakatiwala mo lang sa iba, paano mo ako mababayaran?"

Napalunok siya. Ano ang sasabihin niya roon? Maisip pa lang niya ang halaga, nalulula na siya.

"Lugi ako, Maria Carolina, aminin na

natin. Forty years? Baka patay na ako bago mo mabuo ang bayad. I can go to the courts, but I'm sure you will contest. It might take ten, fifteen, twenty years. With our justice system, who can tell?"

"Gagawin ko ang lahat ng makakaya ko. May isang salita ako, Mario."

Mapakla itong tumawa. "I wish it were that easy to believe you. So I'm willing to marry you, Maria Carolina. It's going to be a marriage of convenience. You will still have your life, I won't ask anything of you. We can file for an annulment in five years. Think about it, but I would need an answer in a month. I think that's sufficient."

Tumango ito, tumayo, inilahad ang kamay, na para ba silang nag-usap lang ng tungkol sa kung anong kasunduan at hindi ang planong pagpapakasal.

Halos tulala siya nang tingnan ang kamay nito, nalulunod sa mga sinabi nito, sa mga desisyong kailangan niyang pag-isipan, sa guwapong mukha nito at mga matang matiim

ALL RIGHTS RESERVED.

kung makatingin, at sa banayad na pabango nitong nanunuot sa kanyang ilong.

Tinanggap niya ang kamay ng lalaki. Mainit iyon, sakop ang buo niyang kamay, parang sinasabing ito ang bahala sa kanya.

Pero hindi niya sigurado kung tama bang magtiwala sa mga matang iyong parang sa binabasa ang kanyang kaluluwa.